# MAG-KAISA FUKUSHIMA

～ Voices from Fukushima ～

27 Buwan ng nakakalipas mula ng mangyari ang malaking lindol sa Eastern Japan.Nais po namin ipahatid ang pakikiramay sa mga taong hanggang ngayon ay nagkakaroon ng mga paghihirap sa kanilang pamumuhay dahilan ng kalamidad at ganoon din nais namin pasalamatan ang lahat ng tao sa buong Japan at sa ibat –ibang parte ng mundo sa kanilang patuloy na suporta.

Inyong tunghayan ang aming newsletter GYRO sa mga updates sa kasalukuyang sitwasyon ng Lungsod ng Fukushima at ganoon din ang mga aktibidades ng mga lokal na mamayan at mga naninirahang banyaga.

Maaari ninyong i-download sa aming homepage ang newsletter na ito.

## Senaryo sa Fukushima

### Tohoku Rokkon (anim na kaluluwa)Piyesta

Ang Piyesta ito ay binubuo ng anim na sikat na Piyesta sa rehiyon ng Tohoku, na ginanap noong Hunyo 1 at 2 sa Lungsod ng Fukushima. Noong katapusan ng linggo.punong puno ng ng mga turista mula sa ibat ibang lugar ng bansa ang dumalo sa piyesta na tinatayang mahigit 1,000 tao.

Ang pangunahing kaganapan ng Tohoku Rokkon Festival ay ang parade na tinanghal ay ang “Piyesta ng Waraji”. Pagkatapos ng pagtatanghal, limang palabas pa ang itinanghal ng mga ibat ibang Lungsod na ikinagalak ng mga nanonood at nagpalakpakan sa kanilang mga pinakitang gilas.Nagsimula ang parade sa City Hall at nagpatuloy ng 1kilometro sa route 4.



Ang malahiganteng 12 metro ng “Waraji na ginamit noong panahon ng panahon ng Piyesta



Multicultural Supporter - Ms. Shikama

Bukod sa parada ay mayroong ibat -ibang palabas tulad ng fighter jet’s, Blue Impulse, ang umikot sa buong kalangitan.May mga booth ang nagpamalas ng kanilang mga produkto mula sa Fukushima at ibang Lungsod, mga tradisiyonal na palabas at live concerts.Sa booth ng impormasyon ay may mga supporter mula sa ibat -ibang bansa na galing sa FIA ang nasa site upang mag interpreter sa mga dayuhan.ayon sa committee ng kaganapan, may 250,000 tao ang dumating sa Piyesta noong katapusan ng linggo.Hinahangad ng mga tao ukol sa pagbangon ng Lungsod pagkaraan ng kalamidad na dulot ng lindol at aksidente sa Planta ng Nukleyar ay napakalakas at ng panahon ng Piyesta ,ang mga kaluluwa ng mga tao sa Lungsod sa Tohoku ay naaging malakas.( kuha noong June 1st 2013 sa Lungsod)

## High Expectations for the Recovery of Tourism in Aizu-Wakamatsu City



Aizu Tsuruga Castle is crowded with tourists

With the influence from the NHK Taiga drama, "Yae no Sakura", the tourism industry in Aizu-Wakamatsu City is now getting back on track. Tour buses with tourists from other prefectures can be seen everywhere. Tourists would take the "Haigara-san" tour bus to go around the Aizu area to see tourism spots such as Niijima Yae tourism facility and Aizu Tsuruga Castle. Tourists also like to experience the traditional culture of Aizu by visiting shops with Aizu lacquer ware and Aizu candles painted with drawings.

An exhibition featuring the NHK Taiga drama, Yae no Sakura, is held at Fukushima Prefectural Museum. In the museum, there are about 200 pieces of document which were collected to show Niijima Yae' s life from Aizu period to Kyoto period. The museum next door is a remain of an old Aizu library which is now used as Taiga drama museum. Many people would come to the museum to learn more about the history of Aizu.

## Growth Support for Children through On-Site Training



Through on-site training, children go around for inspections in the factory

"Minami-Soma Solar Agripark" is a solar power plant and a plant factory which was built in the tsunami-hit area in Haramachi area in Minami-Soma City. It was opened in May. "Minami-Soma Solar Agripark" was built as a symbol in hope to remove harmful rumours made against Fukushima and as a way to nurture our next generation by providing the children a chance to learn through on-site training.

Through the program, children will be able to learn how the solar system works and go around for inspections in the factory, charging for electrically-powered cars, and the operation of a plant factory.
(Taken in Minami-Soma City on 5.31, 2103)

## Tinig mula sa mga Naninirahan sa Fukushima

### Si Rie Shiga (mula sa Tsina, Babae nakatira sa Okuma at ng dahil sa lindol ay ngayon nakatira sa Aizu-Wakamatsu City)

Napilitan akong lumikas ng magkaron ng lindol sa Okuma town at sa kasalukuyan nakatira sa temporary housing sa Aizu-Wakamatsu. Masyado akong naguluhan ng ako ay naninirahan sa temporary housing sa mahabang panahon , at nabago ang aking buhay mula ng magkalindol. Mahirap ang makihalubilo sa mga naninirahan sa temporary housing. Naramddaman ko na kailangan kong tanggapin ang ibat ibang pagpapahalaga ng mga tao at ang pagpapalakas ng pakikisama sa bawat isa at pangahalagahan ang mga posibilidad na mga mangyayari. Nagbigay ang munisipyo sa bawat pamilya na naninirahan sa temporary housing ng

Tablet upang magkaroon ng mga impormasyong bago mula sa Munisipyo. Maari din naming magamit ang internet upang tumawag at gumamit ng SMS sa tablet . Mayroon din akong smart phone . Kahit hindi ako sanay gumamit ng smart phone ginagawa ko ang aking makakaya.

### Ammy Kawamura (mula sa Amerika, babae , Fukushima City)

Makalipas ang lindol lumikas kami ng aking anak sa bayan ng aking asawa sa Sakata Yamagatadahil kami ay nagaalala sa kalusugan ng aking anak. Kahit na may paunti unting lindol at kami ay nagaalala sa radiation , nagdesisyon kaming pamilya nagmagsamasama kaya bumalik kami sa Fukushima nitong Marso. Bumalik ang aking anak sa kanyang eskuwelahan at nakita nya muli ang kanyang mga kaibigan. Siya ay masayang nakikipaglaro sa labas ng kanyang mga kaibigan.

Pitong taon ng nakalipas, ng lumipat ako mula sa Narita Chiba sa Fukushima. Sinabi ng mga tao na ang "Fukushima ay puno ng kalikasan at pagakain ay masarap kaya magiging masaya ang pagtira dito. Ngunit, pagkatapos ng lindol nakaramdam ako ng malaking pagbabago sa pananaw sa Fukushima ng mga tao. Nagkakaaroon ng hindi pagkakaintindihan ang umiiral. Subalit , nararamdaman kong kailangan ipahayag ko sa mga tao na bumalik na ako sa Fukushima at nararamdaman kong nasa mabuti akong kalagayan sa pagtira muli dito. Nawa' y dumalaw muli ang mga turista sa Fukushima.

### Adam Velin ( mula sa Canada, lalake, Fukushima City)

Dumating ako sa Fukushima noong isang summer bilang isang Assistant Language Teacher (ALT). Bago pa man ako dumating , ilan sa miyembro ng aking pamilya ay hindi masaya sa aking desisyon, ngunit naramdaman ko na wala akong dapat ikabahal dahil nakalipas ng isang taon mula sa sakuna, ng akoy dumating sa Fukushima.

Nang ako ay dumating , marami ako ng nakuhang impormasyon ukol sa disaster at nukleyar na aksidente. at natunghayan ko ang katapangan ng mga mamayan sa Fukushimana hindi sila nag-give up kahit ganoon ang pangyayari. Hangang sa isang taon ang kontrata ko bilang ALT , at nais kong makahanap ng maraming karanasan dito sa Fukushima. Aking itatagong malaking oputunidad ang makakilalang maraming tao , bumisita sa mga sikat na lugar sa loob ng Prefecture at mag enjoy sa kalikasan dito.

## Ang Sukat ng radiation level sa Lungsod ng Fukushima (pansamantalang halaga)

Ang mga impormasyon ay nakuha sa website ng Pamahalaan ng Fukushima

Ang mga impormasyon sa ibinibigay ng Pamahalaan ng Lungsod ng Fukushima ukol sa radiation level sa ibat-ibang wika tulad ng English,Intsik at Hapon.At ang Fukushima International Association website ay nagbibigay sa wikang nasa itaas at Tagalog,Koreano,at Portuges.

**http://www.worldvillage.org/**

Unit :mikro sievert /oras

| Date Oras ng pagsukat | Fukushima City | Koriyama City | Shirakawa City | Aizu Wakamatsu City | Minami Aizu Town | Minami Soma City | Iwaki City |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| (normal na halaga) | 0.04 | 0.04-0.06 | 0.04-0.05 | 0.04-0.05 | 0.02-0.04 | 0.05 | 0.05-0.06 |
| 2013.6.18 9:00 | 0.34 | 0.19 | 0.13 | 0.08 | 0.05 | 0.15 | 0.09 |
| Measurement device | MMP | MMP | MMP | MMP | MMP | MMP | IMP |
| Direksiyon at Distansiya from 1st power plant | Hilaga Kanluran About 63km | Kanluran About 58km | Timog Kanluran About 81km | Kanluran About 98km | Kanluran Timog Kanluran About 115km | Hilaga About 24km | Timog Timog Kanluran About 43km |

※Ang sukat ng Radiation level sa Lungsod ng Fukushima ay nakuha sa paradahan ng sasakyan sa hilagang bahagi ng Kenpoku District Health and welfare Office.Ang lungsod ng Koriyama ay kinuhanan sa parahadahan ng sasakyan sa timog ng Koriyama Government Office complex.

## Impormasyon

**○Impormasyon hinggil sa konsultasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan dito sa Fukushima**

Dito sa FIA ay mayroong konsultasyon sa ibat –ibang wika.

- Ang linguaheng English ,Intsik, Hapones ay mula Martes hangang Sabado sa oras na alas nuebe hanggang ala sinko ng hapon
- At para sa mga salitang Korea, Tagalog at Portuguese Tuwing ika- apat at limang Miyerkoles, mula ala una hanggang ala singko ng hapon .Kailangan munang tumawag upang makipag-usap sa kinauukulan.

Publisher

**Fukushima International Association**

〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture

☎024-524-1315　FAX 024-521-8308

E-mail info@worldvillage.org　URL http://www.worldvillage.org